DENR

**DENR Mimaropa Region <mimaroparegion@denr.gov.ph>**

---

# NEWS ON THE GO Morning Edition, #AKo Muna:Self-Care For Women Webinar and Mimaropa NOTG Webcast (7 march 2022)

1 message

---

**Lyndon Danthon Plantilla** <lyndon.plantilla@pia.gov.ph> Tue, Mar 8, 2022 at 10:24 AM
To: Solcom U7 Afp <solcomcmou7@gmail.com>, "solcom.coc@gmail.com" <solcom.coc@gmail.com>, WESCOM AFP <coc3113wescom@gmail.com>, "ocwc02@gmail.com" <ocwc02@gmail.com>, "ou7wescomafppalawan@gmail.com" <ou7wescomafppalawan@gmail.com>, "u4@wescom.mil.ph" <u4@wescom.mil.ph>, "austriajessierose@gmail.com" <austriajessierose@gmail.com>, "deltaoscar99@gmail.com" <deltaoscar99@gmail.com>, eagle shield <3mbde.3@gmail.com>, "htwoidtoc@yahoo.com" <htwoidtoc@yahoo.com>, joselito carbonel <cmog72id@gmail.com>, "dpao2id@gmail.com" <dpao2id@gmail.com>, COMCENTER H2ID <comcenterh2id@gmail.com>, Bantay Kapayapaan <203kapayapaanbde@gmail.com>, 203rd Infantry Brigade <203bde2id@army.mil.ph>, "bfarrecords2020@gmail.com" <bfarrecords2020@gmail.com>, office of the Regional Director BFARMIMAROPA <bfarmimaropaord@gmail.com>, "bfp_mimaropa@yahoo.com" <bfp_mimaropa@yahoo.com>, "rivbbjmpro@gmail.com" <rivbbjmpro@gmail.com>, "prmd_bjmp4b@yahoo.com" <prmd_bjmp4b@yahoo.com>, "mimaropablgf@gmail.com" <mimaropablgf@gmail.com>, BLGF Region IV-B <r4b@blgf.gov.ph>, "delrosariocp@bsp.gov.ph" <delrosariocp@bsp.gov.ph>, EFLC Lucena <eflc.lucena@gmail.com>, "mcondes@bsp.gov.ph" <mcondes@bsp.gov.ph>, "osec@climate.gov.ph" <osec@climate.gov.ph>, "emmanuel.m.deguzman@gmail.com" <emmanuel.m.deguzman@gmail.com>, mimaropa CDA <mimaropa@cda.gov.ph>, Abet <abet_cda4@yahoo.com>, CHED Regional Office 4b <chedro4b@ched.gov.ph>, DOT MIMAROPA <dot.mimaropa@gmail.com>, "dotrdmimaropa@gmail.com" <dotrdmimaropa@gmail.com>, "ored4b@yahoo.com" <ored4b@yahoo.com>, Antonio Gerundio <aggerundio@gmail.com>, Records Officer for DARRO 4B <records.04b@dar.gov.ph>, "rd.04b@dar.gov.ph" <rd.04b@dar.gov.ph>, DBM MIMAROPA <dbm_ro4b@dbm.gov.ph>, DBM-4B <dbmro4b@dbm.gov.ph>, "macells@dbm.gov.ph" <macells@dbm.gov.ph>, "red_r4b@yahoo.com.ph" <red_r4b@yahoo.com.ph>, "mimaroparegion@denr.gov.ph" <mimaroparegion@denr.gov.ph>, Marilyn Limpiada <marilyn.limpiada@gmail.com>, "ondet_ferrer@yahoo.com" <ondet_ferrer@yahoo.com>, "depedmimaropa@yahoo.com" <depedmimaropa@yahoo.com>, mimaropa region <mimaropa.region@deped.gov.ph>, Puerto Princesa CO <puertoprincesa.rco@dfa.gov.ph>, Dfarco Puerto Princesa <dfarcopprincesa@gmail.com>, "puerto.princesa@oca.dfa.gov.ph" <puerto.princesa@oca.dfa.gov.ph>, DHSUD MIMAROPA <dhsud_regionivb@yahoo.com>, DHSUD Region IV-B <region4b@dhsud.gov.ph>, "foo.luzoncluster3@dict.gov.ph" <foo.luzoncluster3@dict.gov.ph>, "luzoncluster3@dict.gov.ph" <luzoncluster3@dict.gov.ph>, "cheryl.ortega@dict.gov.ph" <cheryl.ortega@dict.gov.ph>, DILG MIMAROPA <dilgmimaropa@gmail.com>, DILG MIMAROPA Planning <dilgmimaropa.planningservice@gmail.com>, Regina Trovela <dilgmimaropa.lgmed@gmail.com>, "wmsuyko@dilg.gov.ph" <wmsuyko@dilg.gov.ph>, "dilgmimaropa.pdmu2" <dilgmimaropa.pdmu2@gmail.com>, "msinocruz@doe.gov.ph" <msinocruz@doe.gov.ph>, "eppb.od@doe.gov.ph" <eppb.od@doe.gov.ph>, CHD MIMAROPA <chd.mimaropa@mimaropa.doh.gov.ph>, Mario Baquilod <mariobaquilod2@gmail.com>, "orp04@doj.gov.ph" <orp04@doj.gov.ph>, "obsumshc@yahoo.com" <obsumshc@yahoo.com>, Dole Mimaropa <doleregion4b@yahoo.com>, DOLE MIMAROPA <dolemimaropa@gmail.com>, Official DOST-MIMAROPA <official@mimaropa.dost.gov.ph>, "nimu@mimaropa.dost.gov.ph" <nimu@mimaropa.dost.gov.ph>, DOTr - Planning <rs.reinoso@dotr.gov.ph>, Sheilah Napalang <sg.napalang@dotr.gov.ph>, DPWH 4B Legal Division <dpwh4b.legal@gmail.com>, "bautistamariegrace@yahoo.com" <bautistamariegrace@yahoo.com>, "rene_gabr@yahoo.com" <rene_gabr@yahoo.com>, "orlina.marichu@dpwh.gov.ph" <orlina.marichu@dpwh.gov.ph>, oKay Garci <okay_garci15@yahoo.com>, DSWD IV-B <orddswd4b@gmail.com>, DTI IV-B <dti_mimaropa@yahoo.com>, DTI - Region 4B - Regional Office <R04B@dti.gov.ph>, MGB-MIMAROPA <mines_4b@yahoo.com>, Region IV-B Land Transportation Office <ltor4b@gmail.com>, "mro4@marina.gov.ph" <mro4@marina.gov.ph>, NAPOLCOM IV-B <napolcom4b@yahoo.com>, NBI MIMAROPA <nbi4bmimaropa@gmail.com>, "info@ncca.gov.ph" <info@ncca.gov.ph>, "oc@ncca.gov.ph" <oc@ncca.gov.ph>, "ncipmimaropa@gmail.com" <ncipmimaropa@gmail.com>, "mariegrace.pascua@ncip.gov.ph" <mariegrace.pascua@ncip.gov.ph>, "anarosapapa.nea@gmail.com" <anarosapapa.nea@gmail.com>, Corplan Reppdd <corplanreppdd@yahoo.com>, "panadojames.nea@gmail.com" <panadojames.nea@gmail.com>, "ro4bnica@yahoo.com" <ro4bnica@yahoo.com>, "opapp.osec@gmail.com" <opapp.osec@gmail.com>, "opapp.pccu@gmail.com" <opapp.pccu@gmail.com>, NIA Region IV-B MIMAROPA <nia4b_mimaropa@yahoo.com>, "mimaropa@nia.gov.ph" <mimaropa@nia.gov.ph>, "pcaiv@yahoo.com" <pcaiv@yahoo.com>, pca regioniv <regioniv@pca.gov.ph>, PCSD - Office of Executive Director <oed@pcsd.gov.ph>, "eeed@pcsd.gov.ph" <eeed@pcsd.gov.ph>, Pdea Ro4b <pdea4b@yahoo.com>, "piamimaropa@gmail.com" <piamimaropa@gmail.com>, Lyndon Danthon Plantilla <lyndon.plantilla@pia.gov.ph>, "tjsmatta@gmail.com" <tjsmatta@gmail.com>, John Francisco Pontillas <john_pontillas2001@yahoo.com>, PMS Mails <info@pms.gov.ph>, "tata_orc2003@yahoo.com" <tata_orc2003@yahoo.com>, "pms.rfu4b@gmail.com" <pms.rfu4b@gmail.com>, ORD PRO MIMAROPA <ordpromimaropa@yahoo.com>, MIMAROPA POPCOM <mimaropa@popcom.gov.ph>, "ogm@ppa.com.ph" <ogm@ppa.com.ph>, "Leni R. Rioflorido" <psamimaropa@yahoo.com>, Flordeliza Monteclaro <statisticsr4b@yahoo.com>, TESDA MiMaRoPa <region4b@tesda.gov.ph>, RO 4B ROD Tesda <region4b.rod@tesda.gov.ph>, "cc: Riana Santos"

<rvs.asean@gmail.com>, "OFFICIAL: Secretary Alfonso Cusi" <sec.alfonsocusi@gmail.com>, CORDS MIMAROPA <cordsmimaropa@gmail.com>, "vadmaslopez82@gmail.com" <vadmaslopez82@gmail.com>, "alexander.lopez@doe.gov.ph" <alexander.lopez@doe.gov.ph>, ALEXANDER LOPEZ <alex_lopez82@yahoo.com>, "aanf1291@gmail.com" <aanf1291@gmail.com>, Adriana Mabanta <mabantadin@gmail.com>, "Agustin C. Mendoza" <acmendoza@neda.gov.ph>, "Bernardino A. Atienza, Jr." <baatienza@neda.gov.ph>, "Sheryll B. Sarabia" <sbsarabia@neda.gov.ph>, "Kimberly Ann T. Pilongo" <ktpilongo@neda.gov.ph>, Paul Pukias <fpukias.dolemimaropa@gmail.com>, Maricel De la Vega <macedelavega@gmail.com>, RCDA MIMAROPA <rcdamimaropa@gmail.com>, Nheslaine Eval <nheslainece@gmail.com>, Gefelyn Goleng <gefelyngoleng@gmail.com>, Rodante G Dulay <rgdulay@dswd.gov.ph>, "Bianca Alyana A. Zamora" <BiancaAlyanaZamora@dti.gov.ph>, Athena Colline Verdey <athenacollineverdey@gmail.com>

**NEWS ON THE GO**
**PIA-MIMAROPA REGIONAL OFFICE**
**MARCH 8, 2022**

**MIMAROPA COVID-19 UPDATE**: Mula sa Dept. of Health - MIMAROPA Case Monitoring Dashboard na may petsang ika-6 ng Marso: May 71 na nadagdag na bagong kaso ng Covid19 sa rehiyon sa nakaraang linggo. Pumapalo ito ng 10 na kaso kada araw (average 10/day). Sa pinakahuling monitoring, ang Mimaropa ay may 210 Covid-19 active cases ... Ito ay nasa: Palawan 176, Oriental Mindoro 41, Pto Princesa City 16, Occ Mindoro 15, Romblon 8, Mduque 4 ... May gumaling na 211; at 1 ang nasawi. Sa kabuuan, nagkaroon na ng 38,955 Covid19 cases sa Mimaropa region; 37,009 ang total recoveries at 1393 ang total deaths sa Covid19.

PIA OCCIDENTAL MINDORO: Hinikayat ni Mamburao Angelina Tria kahapon ang mga residente ng munisipalidad na nais dumalo sa Licensure Examination for Teachers (LET) review. Sa programang Hataw Mamburao, ay ibinahagi ng Alkalde na nagpapatuloy ang Lokal na Pamahalaan, katulong ang pamunuan ng OccMdo State University-Mamburao, sa programa na nagbibigay ng libreng LET review sa mga naka schedule kumuha ng naturang pagsusulit. Samantala, nagkaroon din ng kasunduan ang LGU at OMSU Mamburao para sa livelihood assistance program ng munisipyo. Sa isang social media post ay nabanggit na sasailalim sa pagsasanay ang mga benepisyaryo ng livelihood assistance na pangungunahan ng OMSU. (VND)

PIA ORIENTAL MINDORO: Ang Pamahalang Bayan ng Gloria sa pangunguna ng tanggapan ng MDRRMO katuwang ang tanggapan ng MENRO ay maglulunsad ngayong araw ng panibagong proyekto na tatawaging “Isang Kilong Plastic Mo, Kapalit ng Isang Kilong Bigas Ko." Sa ilalim ng proyekto, iipunin lamang ang mga tuyong plastic na basura at maaari ng mapalitan ng bigas. Ang mga plastic na maaaring ipunin ay tulad ng mga pakete/sachet ng kape at shampoo, chichirya, plastic labo, bundlelan, noodles, biscuit, aluminum foil at anumang plastic na lagayan. Kailangang ito ay tuyo at malinis. (LTC)

PIA MARINDUQUE: Matagumpay na naisagawa sa bayan ng Gasan, partikular sa Barangay Tapuyan ang dalawang araw na skills training sa paghihikit o paghahabi gamit ang nito. Ang naturang aktibidad ay inilunsad ng Negosyo Center Gasan katuwang ang TitoNito.ph, na naglalayong madagdagan pa ang mga maghihikit ng nito (nito weavers) sa lugar at upang magkaroon ng karagdagang mapagkakitaan ang mga mamamayan roon.
Samantala, 15 indibidwal ang lumahok sa pagsasanay na nagmula sa barangay Tapuyan at karatig nitong barangay na Cabugao. (RAMJR)

PIA ROMBLON: Inanunsyo kahapon ng pamunuan ng 2Go Travel sa Odiongan na magbabalik na sa biyahe ang kanilang barko sa rutang Batangas - Odiongan - Roxas at pabalik. Inaasahang muling maglalayag ito ngayong darating na buwan ng Abril 2022. Base sa kanilang nilabas na iskedyul, aalis ang barko galing Odiongan patungong Batangas tuwing Miyerkules, Biyernes at Linggo; at babalik naman ng Odiongan tuwing Lunes at Biyernes. Odiongan patungong Caticlan naman tuwing Martes at Sabado, at babalik ng Caticlan tuwing Miyerkules, Biyernes at Linggo. (PJF)

PIA PALAWAN: Ipinabatid ni Mayor Ma. Virginia N. De Vera ng Culion, Palawan na nagsisimula na ang mga kawani ng Department of Public Works and Highways (DPWH)-1st District Engineering Office sa iba't-ibang barangay sa Culion para sa Geo Tagging at Route Shoot ng mga kalsadang isasailalim sa pagse-semento o concreting. Ayon kay Mayor De Vera, anim na mga kalsada ang inaprubahan ng DPWH sa ilalim ng Roads Leveraging Linkages of Industry and Trade (ROLL-IT) Program. Ang mga proyektong ito ay ang: 1. Konstruksiyon ng Malaking Patag-Butnongan-Ugnisan Road; 2. Konstruksiyon ng Malaking Patag-Dita Road; 3. Konstruksiyon ng Guitna-Baldat Road; 4. Konstruksiyon ng Butnongan-Binudac Road; 5. Konstruksiyon ng Ugnisan-Canimango Road; at ang 6. Access Road patungo sa Palawan Super Corn Development Corporation. (OCJ)

PIA MIMAROPA: Nagpahayag ng pagsuporta muli kahapon sa nalalapit na Ika- 4 na Bayanihan Bakunahan National Vaccination Days ang mga Provincial Health Offices ng limang lalawigan at ng Puerto Princesa City. Ginawa ang paghahayag ng pagsuporta sa pagpupulong ng Regional Vaccination Operation Center - Mimaropa na pinangunahan ng DOH CHD Mimaropa. Tinalakay kahapon ang mga paghahandang ginagawa ng mga lokal na pamahalaan para sa Bayanihan Bakunahan sa Marso 10-12, 2022 kung saan tinatarget mabakunahan ang 57,783 na indibidwal. (LP)

FOR YOUR INFORMATION: Itinakda ngayong araw, Marso 8, ang International Women's Day na may temang

#BreakTheBias, isang kampanya laban sa lahat ng uri ng diskriminasyon sa kababaihan. Dito sa Pilipinas, ang pagdiriwang ng kababaihan ay itinakda sa buong buwan ng Marso at pinangungunahan ito ng Phil Council for Women. Alam ba ninyo na sa rehiyon ng MIMAROPA ay mayroong 1.2 milyong kababaihan? At, sa bilang na ito, 47.32% o 611,734 sa kanila ay kabilang sa sektor ng mga manggagawa o nagtratrabaho. Tinatayang nasa 13.55% naman sa kanila ay laborer at unskilled worker.

**DOST-PAGASA WEATHER UPDATES**:
**MIMAROPA REGION**

SOUTHERN LUZON WEATHER FORECAST
Forecast area: Bicol region, Marinduque, Romblon, Oriental Mindoro, N. Samar
Issued at: 5:00 AM 08 March 2022
Valid until 5:00 AM tomorrow
**-** SYNOPSIS: At 3:00 AM today, the Low Pressure Area (LPA) was estimated based on all available data at 100 km East Southeast of Davao City, Davao del Sur or 770 km South Southeast of Legazpi City, Albay (6.8°N, 126.6°E). Northeast Monsoon affecting Northern Luzon.
**-** PAGTAYA: Maulap na kalangitan na may kalat-kalat na mga pag-ulan at pagkidlat-pagkulog ang mararanasan sa Albay, Sorsogon, Masbate, Hilagang Samar, at Romblon. Samatalang, bahagyang maulap hanggang sa maulap na kalangitan na may pulu-pulong maluyang pag-ulan ang iiral sa Oriental Mindoro, Marinduque at sa natitirang bahagi ng Kabikulan. Mahina hanggang katamtaman na hangin mula sa hilagang-silangan ang iiral sa mga lugar na ito, na may banayad hanggang katamtaman na pag-alon ng karagatan.

VISAYAS WEATHER FORECAST
Forecast Areas: Visayas, Palawan,
Occidental Mindoro
Issued: 5:00 AM, 08 March 2022
Valid until 5:00 AM tomorrow
**-** SYNOPSIS: At 3:00 AM today, the Low Pressure Area (LPA) was estimated based on all available data at 100 km East Southeast of Davao City, Davao del Sur (6.8°N, 126.6°E). Northeast Monsoon affecting Northern Luzon.
**-** PAGTAYA: Ang buong Visayas at Palawan kasama na ang Kalayaan Islands ay makakaranas ng maulap na papawirin na may kalat-kalat na pag-ulan at pagkidlat at pagkulog dulot ng LPA. Ang Occidental Mindoro ay makakaranas ng bahagyang maulap hanggang sa maulap na papawirin na may pulo-pulong mahihinang pag-ulan dulot ng Amihan. Mahina hanggang sa katamtaman na hangin mula sa Hilagang-silangan hanggang sa Hilaga ang iiral sa Visayas, Occidental Mindoro at Palawan kasama na ang Kalayaan Islands na may banayad hanggang sa katamtaman na pag-alon ng karagatan.

—0—

“Nguni’t ako’y tumiwala sa iyong kagandahang-loob. Magagalak ang aking puso sa iyong pagliligtas: Ako’y aawit sa Panginoon, sapagka’t ginawan ako ng sagana.” - Mga Awit 13: 5-6
MImaropa NEWS ON THE GO (Webcast, 7 March 2022)https://www.facebook.com/MimaropaPIA/videos/351294287006175

On-going: #AkoMuna: Self-Care for Womenhttps://www.facebook.com/dswdfomimaropa/videos/435137021743947

a. Facts vs Myths Series (morning session) - Adolescent STIs - High Risk Pregnancy - Elderly Health - Women's Mental Healthb. RA 11596 - An Act Prohibiting the Practice of Child Marriage in the Philippines (afternoon session)

LYNDON PLANTILLA
Information Officer III
Philippine Information Agency - Mimaropa

---

The information contained in this communication is intended solely for the use of the individual or entity to whom it is addressed and other parties authorized to receive it. It may contain confidential or legally privileged communication. If you are not the intended recipient, you are hereby notified that any disclosure, copying, distribution or taking any action in reliance on the contents of this information is strictly prohibited and may be unlawful. If you have received this communication in error, please notify us immediately by responding to this e-mail and then immediately delete it from your system. Opinions contained in this e-mail or any of its attachments do not necessarily reflect the opinions of the Agency.